Republika ng Pilipinas

DepED

DEPARTMENT OF EDUCATION

Rehiyon I

**SANGAY NG PAARALANG PANLUNGSOD**

Lungsod ng Dagupan

RELEASED
DEPED
DATE: 8-8-16
BY:

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 125, s. 2016

Sa mga: **Tagamasid Pampurok sa Pampublikong Paaralan**
**Punong-Guro**
**Puno ng Kagawaran sa Filipino**
**Guro sa Filipino**

Mula Kay: **FROSERFINA J. BRAVO**
**Pansangay na Tagapamanihala**

Paksa: **PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2016**

Petsa: **Agosto 8, 2016**

---

1. Bilang pagtalima sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 at pakikiisa sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 24, s. 2016, ang Sangay ng mga Paraalang Panglungsod ng Dagupan ay magdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2016. Nakatuon ang tema ngayong taon na: "Filipino: Wika ng Karunungan.
2. Magkakaroon din ng Pansangay na paligsahan sa darating na Agosto 31, 2016 alas-9:00 n.u. sa elementarya at ala-1:00 n.h. sa sekundarya. Ang mga patimpalak ay ang mga sumusunod:
   - Basura mo I-Fashion Mo (Sekundarya – Junior High)
   - Pagsulat ng Kritikal na Sanaysay (Sekundarya – Senior High)
   - Pagbigkas ng nilikhang Tula (Elementarya )
   - Ikuwento Mo, Binasa Mo (Elementarya)
   - Jinggle sa Wika (Sekundarya – Junior High)
3. Hinihikayat lahat ng mga paaralan na magsagawa ng katulad ding mga gawain na naayon sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa at magsumite ng ulat sa ginawang pagdiriwang sa Tagamasid Pansangay sa Filipino
4. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga patakaran at alituntunin ng mga patimpalak.
5. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Alituntuntunin sa Basura mo I-Fashion Mo (Sekundarya – Junior High)

1. Isa sa bawat mag-aaral na maaring Baitang Siyam o Sampo mula sa pampublikong paaralan at kasalukuyang nag-aaral ngayong panuruang taon ang kalahok sa patimpalak na ito.
2. Mula sa basura ang ifa-fashion ng bawat kalahok na maaring nilikhang kasuotan.
3. Tanging awtentetikong basura ang mga materyales na gagamitin sa paglikha ng kasuotan.
4. Ang mag-aaral na kalahok ang siyang lumikha o gumawa ng kasuotan na kaniyang ifa-fashion sa entablado. Magsusumite ng sertipikasyon ng sariling likha ang punong guro na nagpapatunay na likha ng mag-aaral ang kaniyang suot.

Pamantayan sa Paghuhusga

| | | |
|---|---|---|
| Pagkamalikhain | - | 45% |
| Awtentikong Basurang Ginamit | - | 25% |
| Akmang Pagdadala ng Kasuotan | - | 20% |
| Hikayat sa Madla | - | 10% |
| Kabuuan | - | 100% |

Alituntunin sa Pagsulat ng Kritikal na Sanaysay (Sekundarya – Senior High)

1. Bukas ang paligsahan sa lahat ng kasalukuyang mag-aaral ng Baitang 11 ang pagsulat ng kritikal na sanaysay.
2. Ang bubuong kritikal na sanaysay ay binubo ng tatlong bahagi: panimula, katawan at kongklusyon.
3. Hindi kukulangin sa 500 salita at hindi lalagpas sa 1000 salita ng gagawing kritikal na sanaysay.
4. Sa mismong paligsahan bubuuin ang kritikal na sanaysay na ibabatay sa paksang ibibigay sa araw ng paligsahan.
5. Magdala ng yellow pad paper at panulat ang bawat kalahok

Pamantayan sa Paghuhusga

| | | |
|---|---|---|
| Kaangkupan sa Paksa | - | 40% |
| Pagkakaugnay-ugnay ng mga talata | - | 20% |
| Pagkakagamit ng wastong gramatika At gamit ng mga salita | - | 20% |
| Pagkakalahad ng mg ebedinsiya | - | 10% |
| Kabuuan | - | 100% |

Alituntunin Jinggle sa Wika (Sekundarya – Junior High)

1. Bukas ang paligsahan sa lahat ng mag-aaral na nasa Baitang 7 hanggang sampo.
2. Ang bawat pangkat ay binubuo ng lima hanggang pitong mag-aaral.
3. Ang pagtatanghal ay mula apat hanggang anim na minuto.
4. Nakabatay ang Jingle sa tema ng Buwan ng Wikang Pambansa.
5. **Tanging gitara at bit box lamang ang maaaring gamitin ng bawat kalahok sa kanilang Jinggle.**

Pamantayan sa Paghuhusga

| | | |
|---|---|---|
| Kaangkupan sa Paksa | - | 40% |
| Orhinalidad ng at liriko | - | 20% |
| Koryograpiya | - | 15% |
| Kalinawan sa pagkanta | - | 10% |
| Hikayat sa Madla | - | 5% |